

Lungsod ng San Francisco

Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig sa Taong 2024



San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig sa Taong 2024



Buod ng Ulat sa Kalidad ng Tubig

Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay isang pampublikong ahensya. Nagpapatakbo kami ng panrehiyong sistema ng tubig. Naghahatid ang sistemang ito ng inuming tubig sa mahigit 2.7 milyong residente at libo-libong negosyo sa Bay Area. Taon-taon kaming naglalabas ng mga Ulat sa Kalidad ng Tubig para sa mga customer sa loob at labas ng San Francisco. Sa ulat na ito, malalaman ninyo kung saan nanggagaling ang inyong tubig, kung paano namin ito tini-treat, at ang pangkalahatan nitong kalidad. Pangako naming magbigay ng de-kalidad na inuming tubig sa lahat ng aming customer. Noong 2024, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

Talaan ng Nilalaman:

1. Panimula	1	6. Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan	8
2. Ang Mga Pinagkukunan Natin ng Inuming Tubig at Treatment Dito	1	7. Mga Spotlight ng Kalidad ng Tubig at Treatment sa Tubig	8
3. Kalidad ng Tubig	2	8. Mga Pangunahing Termino Kaugnay ng Kalidad ng Tubig	10
4. Fluoridation at Dental Fluorosis	3		
5. Inuming Tubig at Lead	4		

1. Panimula

Nagbibigay ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng de-kalidad na inuming tubig na nakakatugon sa lahat ng pamantayang pederal at pang-estado sa 2.7 milyong residente at libo-libong negosyo sa mga lungsod at bayan sa buong rehiyon. Sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa ating mga likas na yaman at sa ating imprastruktura, layunin naming makapaghatid ng de-kalidad na inuming tubig sa mga bahay at negosyo araw-araw. Sinusuportahan ng inyong mga ratepayer na dolyar ang misyong ito at nagbibigay-daan ito sa aming gumawa ng mahahalagang pag-upgrade sa aming sistema. Pag-install man ng mga bagong tubo para pinakamainam na matagalan ang mga lindol o pagdaragdag ng mga karagdagang layer ng treatment sa kalidad ng tubig, namumuhunan kami sa isang maaasahang hinaharap.

Pag-unawa sa Ulat na ito

Ang SFPUC ay naglalabas ng Ulat sa Kalidad ng Tubig taon-taon para magbigay ng partikular na impormasyon tungkol sa kung saan nagmumula ang inyong tubig, paano namin ito tine-treat, at ang pangkalahatan nitong

kalidad. Ginagawa namin ito hindi lang para matugunan ang isang pangangailangang panregulasyon, kundi para makapagbigay rin ng pang-edukasyong oportunidad na maunawaan ninyo ang tungkol sa mga operasyon namin para sa inuming tubig at mga pagsisikap para protektahan ang pampublikong kalusugan.

Nakatuon kami sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig sa lahat ng aming customer. Malaki ang aming sistema, at nagtatrabaho kami sa iba't ibang county para panatilihin ang sistemang naghahatid ng inuming tubig para sa inyong pagkonsumo. Inaasahan namin na ang ulat na ito ay hindi lang magbibigay sa inyo ng higit na kaalaman tungkol sa inyong tubig, kundi magbibigay rin ito ng higit na pag-unawa sa mahahalagang kakayahan, talento, at pagsisikap ng mga kawani ng SFPUC na kailangan para matiyak na may maaasahang access sa napakahalagang resource na ito ang mga negosyo at residente. Ipinagmamalaki namin ang ating tubig, at umaasa kaming kayo rin. Sana ay nasisiyahan kayong mas makilala pa kami nang kaunti bilang isang ahensya at kung paano kayo puwedeng makibahagi.

2. Ang Mga Pinagkukunan Natin ng Inuming Tubig at Treatment Dito

Ang halos lahat ng supply ng ating inuming tubig ay nagmumula sa San Francisco Regional Water System (SFRWS), ang wholesale system na pag-aari at pinapagana ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Ang supply ay binubuo ng surface water at groundwater na mahigpit na pinoprotektahan at maingat na pinapamahalaan. Ang surface water ay nakaimbak sa mga imbakan sa Sierra Nevada, East Bay, at County ng San Mateo, at ang groundwater naman ay nakaimbak sa isang deep aquifer na nasa hilagang bahagi ng County ng San Mateo at kanlurang panig ng San Francisco. Ang pamamahala sa iba't ibang pinagkukunang ito ay isang mahalagang bahagi ng panandalian at pangmatagalang istrategiya sa pamamahala ng supply ng tubig ng SFPUC. Sa pamamagitan ng iba't ibang pinagkukunan, protektado tayo mula sa mga posibleng pagkaantala dahil sa mga emergency o sakuna, nagbibigay ito ng katatagan sa mga panahon ng tagtuyot, at nakakatulong ito sa atin na matiyak ang isang pangmatagalan at sustainable na supply ng tubig habang tinutugunan natin ang mga isyu gaya ng kawalan ng kasiguraduhan sa klima (climate uncertainty), mga pagbabago sa regulasyon, at paglaki ng populasyon. Para matugunan ang mga pamantayan sa inuming tubig para sa pagkonsumo ng tao, dapat sumailalim sa wastong treatment ang lahat ng surface water na ibinibigay ng SFPUC. Ang tubig mula sa Imbakan ng Hetch Hetchy ay hindi sakop ng mga pang-estado at pederal na kinakailangan sa filtration dahil sa napakataas nitong kalidad. Napapailalim ito sa disinfection gamit ang ultraviolet light at chlorine, pH adjustment para sa pinakamainam na pagkontrol sa corrosion, fluoridation para sa proteksyon sa kalusugan

ng ngipin, at chloramination para sa pagpapanatili ng disinfectant residual at pagbabawas sa pagbuo ng mga kontroladong byproduct ng disinfection. Ang tubig mula sa mga lokal na imbakan ng Bay Area sa East Bay at mga pinagkukunan sa upcountry na hindi Hetch Hetchy ay inihahatid sa Sunol Valley Water Treatment Plant. Ang tubig mula sa mga imbakan sa County ng San Mateo ay inihahatid sa Harry Tracy Water Treatment Plant. Ang treatment ng tubig sa mga plantang ito ay binubuo ng filtration, disinfection, ozonation, chloramination, fluoridation, pag-aalis ng lasa at amoy, at pinakamainam na pagkontrol sa corrosion. Noong 2024, hindi kami gumamit ng mga pinagkukunan ng tubig sa upcountry na hindi Hetch Hetchy. Napakakaunting lokal na groundwater (0.1%) ang kasama sa supply ng inuming tubig.

2. Buod: Mga Pinagkukunan ng Tubig

Ang surface water mula sa mga imbakan ang bumubuo sa halos lahat ng tubig na inyong natatanggap. Noong 2024, gumamit din kami ng napakakaunting groundwater. Pinoprotektahan tayo ng paggamit ng iba't ibang pinagkukunan mula sa mga pagkaantala ng supply sa hinaharap. Ang mga pagkaantalang ito ay posibleng dulot ng tagtuyot, pagbabago ng klima, o paglaki ng populasyon. Tini treat namin ang lahat ng inuming tubig bago ito ihatid sa inyo. Tinihiyak ng aming napakahuhusay na kawani na natutugunan nito ang lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan. Noong 2024, nagsagawa kami ng halos 100,000 pagsusuri sa inuming tubig. Nagmula ang mga sample sa mga imbakan at iba pang punto sa sistema ng tubig.

3. Kalidad ng Tubig

Regular kaming nangongolekta at nagsusuri ng mga sample ng tubig mula sa mga imbakan at itinalagang lokasyon kung saan kumukuha ng sample sa kabuuan ng sistema para matiyak na ang tubig na inihahatid sa inyo ay nakakatugon sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan sa inuming tubig. Noong 2024, nagsagawa kami ng mahigit 96,950 pagsusuri sa mga sample ng inuming tubig mula sa mga lokasyon ng sistema ng pinagkukunan, paghahatid, at pamamahagi. Bukod pa ito sa malawakang pagsubaybay sa pagkontrol ng proseso ng treatment na isinasagawa ng aming mga sertipikadong operator at mga online na instrumento.

Habang dumaraan ang tubig sa ibabaw ng lupa o sa lupa, tinutunaw nito ang mga natural na mineral at, sa ilang pagkakataon, radioactive na materyal, at puwede itong makakuha ng mga substance dahil sa presensya ng mga hayop o aktibidad ng tao. Sama-samang tinatawag na contaminant ang mga ito. Samakatuwid, ang inuming tubig, maging ang nakaboteng tubig, ay maaaring makatuwirang inaasahan na magkaroon ng kahit kaunting contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi agad nangangahulugan na mapanganib sa kalusugan ang tubig. Para tiyaking ligtas inumin ang tubig mula sa gripo, nagtakda ang United States Environmental Protection Agency (USEPA) at ang State Water Resources Control Board (SWRCB) ng mga regulasyong naglilimita sa dami ng ilang partikular na contaminant sa tubig na inihahatid ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtakda rin ng mga limitasyon ang mga regulasyon ng United States Food and Drug Administration at ang batas ng California para sa mga contaminant sa nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan.

Mga Contaminant at Regulasyon

Sa buong United States, puwedeng kabilang sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (tubig sa gripo at nakaboteng tubig) ang mga ilog, lawa, karagatan, batis, sapa, imbakan, bukal, at balon. Posibleng kabilang sa mga contaminant na nasa tubig ang:

- Mga mikrobyong contaminant, gaya ng mga virus at bacteria na maaaring nagmula sa mga sewage treatment plant, mga septic system, mga operasyon sa agrikultural na livestock, at wildlife
- Mga hindi organic na contaminant, gaya ng mga asin at metal, na maaaring natural na nasa kapaligiran o dulot ng agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, mga industriyal o domestic na wastewater discharge, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagbubukid
- Mga pesticide at herbicide na puwedeng mula sa iba't ibang pinagmumulan gaya ng agrikultura, agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, at mga residensyal na paggamit
- Mga organic na kemikal na contaminant, kabilang ang mga synthetic at volatile na organic na kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon

ng petrolyo, at puwede ring mula sa mga gasolinahan, agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, agrikultural na paggamit, at mga septic system

- Mga radioactive na contaminant, na maaaring natural na nasa kapaligiran o resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina

Makukuha ang higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at mga potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Safe Drinking Water Hotline ng USEPA sa 800-426-4791, o sa epa.gov/safewater.

Proteksyon ng Mga Watershed

Nagsasagawa ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng mga survey sa sanitasyon ng watershed para sa pinagkukunang Hetch Hetchy kada taon at para sa mga pinagkukunan ng surface water na hindi Hetch Hetchy kada limang taon. Ang mga pinakabagong survey sa sanitasyon para sa mga watershed na hindi sa Hetch Hetchy ay nakumpleto noong 2021 para sa mga taong 2016-2020. Idinodokumento ng mga survey na ito ang mahihigpit na aktibidad sa pagprotekta sa watershed ng SFPUC na ipinapatupad nang may suporta mula sa mga katuwang na ahensya kabilang ang National Park Service at United States Forest Service.

Hindi lang sinusuri ng mga survey na ito ang mga kondisyon sa sanitasyon at kalidad ng tubig ng mga watershed, kundi inilalarawan din ng mga ito ang mga resulta ng mga aktibidad sa pamamahala sa watershed na isinagawa sa mga nakaraang tanong. Ang wildfire, wildlife, livestock, at mga aktibidad ng tao pa rin ang mga potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon. Puwede kayong makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Distrito sa San Francisco ng Division of Drinking Water ng SWRCB sa 510-620-3474 para sa higit pang impormasyon.

Panuntunan sa Pagsubaybay sa Hindi Kontroladong Contaminant

Ang pagsubaybay sa hindi kontroladong contaminant ay nakakatulong sa USEPA at SWRCB na matukoy kung saan mayroong ilang partikular na contaminant at kung kailangang kontrolin ang mga contaminant. Natapos namin ang ikalimang pagsubaybay sa Panuntunan sa Pagsubaybay sa Hindi Kontroladong Contaminant para sa sistema noong 2023 at 2024. Ang lahat ng resulta ng mga 29 per- at poly-fluoroalkyl substance (PFAS) at lithium ay “walang na-detect.” Kasama ang dalawang naunang round ng boluntaryong pagsubaybay sa PFAS, ipinagamamalagi naming iulat na ang ating mga supply ng tubig ay hindi nakompromiso ng mga contaminant na ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PFAS, puwede ninyong bisitahin ang website ng SWRCB sa waterboards.ca.gov/pfas, ang aming website sa sfpub.gov/TapWater, o ang website ng USEPA sa epa.gov/pfas.



3. Buod: Walang Na-detect na PFAS

Maaaring nabalitaan na ninyo ang tungkol sa PFAS. Mga kemikal ito na gawa ng tao na ginagamit na sa industriya at mga produkto para sa consumer sa buong mundo mula pa noong 1940s. Wala kaming na-detect na PFAS sa ating tubig. Para matuto pa, bisitahin ang waterboards.ca.gov/pfas, sfpuc.gov/TapWater, at/ o epa.gov/pfas.

4. Fluoridation at Dental Fluorosis

Ang water fluoridation, na ipinag-uutos ng batas ng Estado, ay isang gawaing kinikilala ng karamihan na napatunayang ligtas at mabisa sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkabulok ng ngipin. Batay sa rekomendasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at sa panregulatoryong gabay ng State Water Resources Control Board (SWRCB), napanatili ng San Francisco Public Utilities Commission ang pinakamainam na antas ng fluoride sa 0.7 milligram kada litro (mg/L, o part per million, ppm), simula noong 2015. Ang pinakamainam na antas ay nagbibigay ng mga benepisyo ng pag-iwas sa pagkabulok ng ngipin habang binabawasan ang posibilidad na magkaroon ng dental fluorosis ang mga bata. Ang mga sanggol na pinapainom ng gatas na hinaluan ng tubig na may fluoride sa ganitong antas ay posible pa ring magkaroon ng hindi gaanong matindi hanggang talagang hindi gaanong matinding fluorosis, na puwedeng magdulot ng maninipis na puting linya o guhit sa kanilang mga ngipin. Ang mga markang ito ay kadalasang nakikita lang sa ilalim ng microscope. Kahit sa mga pagkakataong nakikita ang mga marka, walang anumang panganib ang mga ito sa kalusugan. Upang mapaliit ang posibilidad ng pagkakaroong ng dental fluorosis, puwede ninyong piliing gumamit ng nakaboteng tubig na mababa ang fluoride

para magtimpla ng gatas ng sanggol. Gayunpaman, puwede pa ring magkaroon ng dental fluorosis ang mga bata dahil sa pagkonsumo ng fluoride mula sa iba pang pinagmumulan tulad ng pagkain, toothpaste, at mga produkto para sa ngipin. Makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa SWRCB kung may mga alalahanin kayo tungkol sa dental fluorosis. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa fluoridation o kalusugan ng bibig, bisitahin ang website ng SWRCB sa waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html, ang website ng CDC sa cdc.gov/fluoridation, o ang aming website sa sfpuc.gov/TapWater.

4. Buod: Fluoridation

Nagdaragdag kami ng fluoride sa ating tubig. Iniaatas ng batas ng California ang fluoridation. Napatunayang ligtas ito. Mabisa rin ito sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkabulok ng ngipin. Tumutugma ang aming mga antas ng fluoride sa pinakamainam na antas na itinakda ng Estado. Para matuto pa, bisitahin ang waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html, cdc.gov/fluoridation, o sfpuc.gov/TapWater.

5. Inuming Tubig at Lead

Ang pagkakalantad sa lead, kung mayroon, ay posibleng magdulot ng malulubhang epekto sa kalusugan sa mga tao anuman ang edad, lalo na sa mga babaeng buntis at maliliit na bata. Ang mga sanggol at batang umiinom ng tubig na may lead ay puwedeng magkaroon ng mababang intelligence quotient at maikling attention span, pati na rin mas maraming problema sa pagkatuto at pag-uugali.

Ang mga anak ng mga babaeng nalandad sa lead bago mabuntis o habang nagbubuntis ay maaaring magkaroon ng mas malaking panganib na makaranas ng mga ganitong masasamang epekto sa kalusugan. Ang mga nasa hustong gulang ay maaaring magkaroon ng mas malaking panganib ng sakit sa puso, mataas na presyon ng dugo, mga problema sa bato o nervous system.

Ang lead sa inuming tubig ay kadalasang mula sa mga materyales at bahaging nauugnay sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Responsibilidad namin ang paghahatid ng de-kalidad na inuming tubig at pag-aalis ng mga tubong gawa sa lead, pero hindi namin kontrolado ang iba't ibang materyales na ginagamit sa mga bahagi ng tubo sa inyong bahay. Dahil puwedeng mag-iba ang mga antas ng lead sa paglipas ng panahon, posibleng malantad sa lead kahit na walang na-detect na lead ang inyong mga resulta ng sample ng tubig sa gripo sa isang partikular na panahon. Kabahagi kayo sa responsibilidad na protektahan ang inyong sarili at pamilya mula sa lead na nasa inyong mga tubo sa bahay sa pamamagitan ng paggawa sa isa o higit pa sa mga sumusunod na aksyon:

- Tukuyin at alisin ang mga materyales na gawa sa lead sa inyong mga tubo sa bahay.
- Kung gagamit kayo ng filter ng tubig, tiyaking sertipikado ito para sa lead ayon sa mga pamantayan ng National Sanitation Foundation (NSF)/ANSI. Tiyaking palitan at imentina ang filter ayon sa mga tagubilin ng manufacturer.
- Gumamit lang ng malamig na tubig para sa pag-inom, pagluluto, at pagtitimpla ng gatas ng sanggol. Ang mainit na tubig sa gripo ay posibleng may mas matataas na konsentrasyon ng lead. (Huwag pakuluhan ang inyong tubig para alisin ang lead. Hindi maaalis ang lead sa pagpapakulo ng tubig).
- Padaluyin ang tubig sa inyong mga tubo sa loob ng ilang minuto bago gamitin ang inyong tubig para sa pag-inom, pagluluto, at paghahanda ng gatas ng sanggol (puwede itong gawin sa pamamagitan ng pagbubukas ng inyong gripo, pagsha-shower, paglalaba o paghuhugas ng pinggan, at muling paggamit para sa pagdidilig ng mga halaman).
- Padaluyin ang tubig nang mas matagal kung mayroon kayong mga tubong gawa sa lead o galvanized na materyales.

Kung may alalahanin kayo tungkol sa lead sa inyong tubig, puwede ninyong ipasuri ang inyong tubig. Nag-aalok kami ng mga murang pagsusuri ng tubig para sa lead sa halagang \$25 bawat gripo sa aming mga customer. Tawagan ang 311 o i-access ang aming website sa sfpuc.gov/LeadTest para sa mga detalye. Ang mga kliyenteng naka-enroll sa Women,

Infants and Children program na pinapamahalaan ng San Francisco Department of Public Health ay puwedeng makakuha ng mga libreng voucher sa pagsusuri para sa lead mula sa departamento na iyon. Bukod sa aming mga hakbang sa pagprotekta sa pinagkukunan ng tubig at murang pagsusuri para sa lead, ipinagpapatuloy namin ang mga sumusunod na aksyon para mapababa ang pagkakalantad ng mga customer sa lead sa tubig:

- Nagpapanatili at nag-a-update ng imbentaryo ng mga materyales ng linya ng serbisyo sa pagitan ng water main at ng gusali (makikita sa sfpuc.gov/lead)
- Pinapalitan ng mga naka-automate na metro ng tubig na walang lead ang mga natitirang metrong gawa sa brass
- Pinapalitan ang mga tubo ng serbisyo na gawa sa lead kung matutukoy
- Ina-update ang gabay sa pagpapadaloy ng tubig para sa mga gusali
- Nagsusuri kung may lead sa tubig sa gripo sa mga pasilidad ng day care at paaralan

Makikita sa epa.gov/lead ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na puwede ninyong gawin para mapababa ang pagkalantad.

Imbentaryo at Pagpapalit ng Linya ng Serbisyong Gawa sa Lead

Mga Linya ng Serbisyong Pag-aari ng Utility

Inalis ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ang lahat ng alam na linya ng serbisyong gawa sa lead noong 1980's. Noong Hulyo 2020, nagsumite kami ng 10 taong iskedyul sa pagpapalit ng mga bahaging gawa sa lead sa State Water Resources Control Board (SWRCB). Nagsimula na kaming palitan ang humigit-kumulang 1,580 galvanized steel na linya ng serbisyong pag-aari ng utility na posibleng may mga lead whip. Ang lead whip ay isang maikling piraso ng tubong gawa sa lead, na karaniwang 3 talampakan o mas maikli, na kinokonekta ang malaking tubo sa kalye sa mas maliit na tubong nagdadala ng tubig sa inyong gusali. Mayroong 13,140 linya ng serbisyong pag-aari ng utility na gawa sa galvanized steel o mga hindi alam na materyales. Pagkatapos ng ilang taong mga pagsisiyasat sa field, na-update sa 1,423 ang nakumpirmang kabuuang bilang ng mga galvanized na linya ng serbisyo. Noong Marso 2025, napalitan na namin ng mga bagong tubo na gawa sa copper ang 1,099 sa mga galvanized na serbisyong ito. Natagpuan ang mga lead whip sa 21% lang ng mga inalis na galvanized na serbisyo. Bilang bahagi ng programang ito sa pagpapalit, gumawa rin kami ng lookup map para sa customer na kasalukuyang naka-post sa website ng SFPUC, sfpuc.gov/Lead. Puwedeng gamitin ng customer ang mapa para tukuyin kung ang isang address ay may galvanized na linya ng serbisyo na nakaiskedyul para sa pagpapalit. Ang programa sa pagpapalit ay 77% tapos na at nakaiskedyul na matapos pagsapit ng kalagitnaan ng 2026, na apat na taong mas maaga kaysa sa nakaiskedyul.

Mga Linya ng Serbisyong Pag-aari ng Customer

Simula noong 2022, sinimulan namin ang paghahanda ng imbentaryo ng mga linya ng serbisyo sa panig ng customer alinsunod sa Mga Rebisyon ng Panuntunan sa Lead at Copper ng United States Environmental Protection Agency (USEPA). Noong Oktubre 2024, natapos namin ang 9,042 pagsisiyasat at nakabuo kami ng statistical at predictive na modelo para makatulong na matukoy ang posibilidad na maaaring makita ang lead nang hindi sinisiyasat ang lahat ng linya ng serbisyo sa panig ng customer. Ang naging konklusyon ng masusing statistical na pamamaraan ay wala pang 1% ang posibilidad na gawa sa lead ang linya ng serbisyo sa panig ng customer. Bukod pa rito, kinumpirma ng aming mga bihasang tubero, na ang ilan ay may 40 taong kaalaman sa aming sistema ng pamamahagi, na hindi sila kailanman nakakita ng mga linya ng serbisyo sa panig ng customer na gawa sa lead.

Walang naiulat na linyang gawa sa lead ang aming inisyal na imbentaryo ng linya ng serbisyo na isinumite sa SWRCB noong Oktubre 2024; gayunpaman, may 653 galvanized na linya ng serbisyo na nangangailangan ng pagpapalit at 407 linya na Hindi Alam ang Status ng Lead sa panig ng customer. Ang galvanized na linya ng serbisyo na nangangailangan ng pagpapalit ay tinutukoy ng USEPA bilang isang galvanized steel na linya ng serbisyo sa panig ng customer na posibleng downstream ng dating inalis na linya ng serbisyong gawa sa lead sa panig ng utility. Posibleng may kaunting lead na hindi makalabas sa mga naturang galvanized na linya ng serbisyo, at, kapag nagalaw ang mga ito, ay puwedeng maglabas ng lead. Ang linya ng serbisyong Hindi Alam ang Status ng Lead ay nangangahulugang hindi matukoy o makumpirma ang materyales ng tubo mula sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng meter box. Priyoridad na layunin para sa SFPUC ang pagpapababa sa bilang ng mga

linya ng serbisyong Hindi Alam ang Status ng Lead. Noong Nobyembre 2024, nagpadala kami ng mga liham ng abiso sa mga customer na ito tungkol sa hindi alam na status ng materyales ng kanilang mga linya ng serbisyo at nakikipag-ugnayan kami sa mga customer na ito para sa libreng pagsisiyasat ng kanilang mga linya ng serbisyo.

Regular na ina-update ang impormasyon sa website at lookup map para ipakita ang mga lokasyon ng mga linya ng serbisyong ito. Mag-email sa quality@sfgwater.org para iiskedyul ang inyong libreng pagsisiyasat para maalís ang inyong linya ng serbisyong Hindi Alam ang Status ng Lead.

Mga Resulta ng Sampling ng Tubig sa Gripo na Gawa sa Lead at Copper

Isinagawa namin ang aming kada tatlong taon na pagsubaybay sa Panuntunan para sa Lead at Copper sa 50 site ng gripo ng customer noong 2024. Ang aming ika-90 percentile value ng lead ay 5 parts per billion (ppb), at mas mababa sa Antas para sa panregulatoryong Aksyon na 15 ppb ang lahat ng resulta. Makikita ang mga resulta ng sampling na ito sa sfpuc.gov/Lead. Sa 2027 ang susunod na round ng pagsubaybay sa panuntunan para sa lead at copper.

Mga Pagsusuri para sa Lead sa Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Bata at Pampublikong Paaralan

Simula sa 2028, sisimulan ng SFPUC ang pagsubaybay sa lead sa mga paaralan para matugunan ang mga regulasyon sa Pagpapahusay ng Panuntunan para sa Lead at Copper ng USEPA. Sa loob ng 5 taon mula 2028, kukunan ng sample ng SFPUC ang lahat ng K-8 grade school sa San Francisco para sa lead. Sa kasalukuyan, nag-aalok ang SFPUC ng lead sampling sa mga 9- hanggang 12-grade school kung hihilingin, kahit na hindi kami inaatasang suriin ang mga paaralang ito.

5. Buod: Lead

Maaaring magdulot ng malulubhang epekto sa kalusugan ang pagkakalantad sa lead. Totoo ito lalo na para sa mga babaeng buntis at maliliit na bata. Ang lead sa inuming tubig ay kadalasang mula sa mga materyales sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Walang natukoy na linya ng serbisyo na gawa sa lead sa aming sistema. Hindi namin makokontrol ang mga materyales ng tubo na ginamit sa inyong bahay. Kabahagi kayo sa responsibilidad na protektahan ang inyong sarili mula sa lead sa mga tubo ninyo sa bahay. Nag-aalok kami ng pagsusuri sa tubig para sa lead sa murang halaga. Kung naka-enroll kayo sa Women, Infants, and Children program, puwede kayong makatanggap ng libreng pagsusuri para sa lead. Para matuto pa tungkol sa lead sa tubig, bisitahin ang epa.gov/lead.



Report Card ng Kalidad ng Tubig

Makikita sa Report Card ng Kalidad ng Tubig na ito ang estado ng inyong tubig. Ngayong taon, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

Mga Potensyal na Contaminant	Bakit Natin Ito Sinusuri	Posibleng Pinagmulan	Pinagkukunan ng Inyong Tubig
Mga mikrobyo Mga microscopic na organismo gaya ng Coliform bacteria, <i>Giardia</i> , at <i>Cryptosporidium</i>	Puwedeng magkasakit ang mga tao pagkainom ng ilang baso ng tubig na mayroon nito.	Natural na nasa kapaligiran o mula sa mga hayop o aktibidad ng tao	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kinakailangan sa Kalidad ng Tubig ✓
Copper at Lead	Puwedeng magdulot ng mga isyu sa kalusugan ang mga antas sa loob ng mahabang panahon.	Corrosion ng mga tubo sa loob ng bahay	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kinakailangan sa Kalidad ng Tubig ✓
Mga Byproduct ng Disinfection Mga byproduct ng proseso ng pag-disinfect ng inuming tubig - mga trihalomethane at haloacetic acid	Puwedeng magdulot ng mga isyu sa kalusugan ang matataas na antas sa loob ng mahabang panahon.	Proseso ng Disinfection ng Tubig	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kinakailangan sa Kalidad ng Tubig ✓
Turbidity – pagkalabo ng tubig dahil sa mga nakalutang na particle sa tubig	Kung mas malinaw ang tubig, mas mataas ang kalidad	Agos mula sa lupa	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kinakailangan sa Kalidad ng Tubig ✓
Fluoride	Puwedeng magdulot ng mga marka sa ngipin ang matataas na antas sa paglipas ng mahabang panahon.	Erosion ng mga natural na deposito at iniatas na additive sa tubig para sa kalusugan ng ngipin	Nasa pinakamainam na antas na inirerekomenda ng CDC ✓
PFAS	Mga synthetic na organic na kemikal na resistant sa init, tubig, at langis	Madalas gamitin sa mga produkto para sa consumer at industriya	Walang na-detect na PFAS ✓

6. Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan

May ilang tao na posibleng mas madaling maapektuhan ng mga contaminant sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong mahina ang resistensya, gaya ng mga may cancer na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa organ transplant, mga taong may Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immunodeficiency Syndrome o iba pang sakit sa immune system, ilang matatanda, at mga sanggol ay maaaring partikular na nanganganib sa mga impeksyon. Ang mga taong ito ay dapat humingi ng payo tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang *Cryptosporidium* ay isang parasitikong mikrobyong nakikita sa surface water. Regular kaming nagsusuri para sa pathogen na ito sa tubig at nakita namin noong 2024 na mababa lang ang antas nito sa pinagkukunang tubig at na-treat na tubig. Gayunpaman, hindi kaya ng mga kasalukuyang paraan ng pagsusuri na aprubado ng United States Environmental Protection Agency (USEPA) na makita ang pagkakaiba ng mga patay na organismo at mga organismong puwedeng magdulot ng sakit. Ang paglunok ng *Cryptosporidium* ay puwedeng magdulot ng cryptosporidiosis na may mga sintomas ng pagduduwal, pananakit ng tiyan, pagtatae, at mga kaugnay na pananakit ng ulo. Ang *Cryptosporidium* ay dapat munang malunok bago ito magdulot ng sakit, at puwede rin itong kumalat sa ibang paraan bukod pa sa inuming tubig.

Ang mga gabay sa mga naaangkop na paraan para mapababa ang panganib ng impeksyong dulot ng *Cryptosporidium* at iba pang mikrobyong contaminant ay makukuha sa pamamagitan ng Safe Drinking Water Hotline ng USEPA sa 800-426-4791 o sa [epa.gov/safewater](https://www.epa.gov/safewater).

6. Buod: Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan

Sinusukat namin ang mga contaminant sa ating supply ng tubig. Malamang na magkakaroon ng kaunting contaminant ang inuming tubig. Hindi ito nangangahulugang hindi ligtas ang tubig. Malamang na may ilang contaminant din ang nakaboteng tubig. Mahigpit na kinokontrol ng mga pederal at pang-estadong pamahalaan ang inuming tubig. Nililimitahan nila kung gaano karami ng mga partikular na contaminant ang puwedeng makita sa pampublikong tubig. Ngayong taon, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

Maaaring kailanganin ng ilang tao na maging mas maingat sa mga contaminant. Kasama rito ang:

- Mga taong mahina ang resistensya
- Mga taong sumailalim sa (mga) organ transplant
- Mga taong may Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immunodeficiency Syndrome o iba pang sakit sa immune system
- Ilang nakatatanda at sanggol

Ang mga taong ito ay dapat humingi ng payo mula sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Para matuto pa, bisitahin ang [epa.gov/safewater](https://www.epa.gov/safewater). O tumuwag sa 800-426-4791.

7. Mga Spotlight ng Kalidad ng Tubig at Treatment sa Tubig

Paggawa ng Mga Pag-upgrade: Ozonation sa Sunol Valley Water Treatment Plant

Habang naghahatid ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng inuming tubig sa 2.7 milyong residente araw-araw, tuloy-tuloy naming ina-upgrade ang aming imprastruktura para sa treatment ng tubig. Ngayong taon, sinimulan namin ang konstruksyon sa Sunol Valley Water Treatment Plant sa East Bay para mag-install ng mga pasilidad para sa ozone treatment. Tini-treat ng Sunol Valley Water Treatment Plant ang tubig mula sa Imbakan ng San Antonio at Imbakan ng Calaveras sa East Bay, at ang tubig mula sa Imbakan ng Hetch Hetchy sa Sierra Nevada kung kinakailangan. Habang nagdudulot ng mas matinding lagay ng panahon ang pagbabago ng klima, nakakita kami ng higit pang pagdami ng algae sa dalawang lokal na imbakan sa mas maiinit na buwan ng rehiyon. Ang pagkakaroon ng sustansya, temperatura, at liwanag ng araw ay puwedeng

magdulot ng mga pagdami ng algae na ito, na posibleng maging sanhi ng pagkakaroon ng lasa o amoy ng inuming tubig na inilalarawan ng ilang tao bilang “malupa.” Nag-i-install ang SFPUC ng makabagong teknolohiya para matiyak na hindi makakaapekto ang mga potensyal na pagdami ng algae sa lasa at amoy ng ating supply ng tubig.

Ano ang Ozonation?

Kapag natapos ang konstruksyon sa 2028, iti-treat ng Sunol Valley Water Treatment Plant ang hindi pa na-treat na tubig gamit ang ozone. Gumagana ang ozonation sa pamamagitan ng paglalagay ng ozone sa hindi pa na-treat na tubig kung saan agad nitong ino-oxidize, o sinisira, ang organic na materyales na puwedeng magdulot ng mga alalahaning ito sa lasa at amoy. Ginagamit na ang treatment na ito sa Harry Tracy Water Treatment Plant sa Peninsula simula pa noong 1990s. Ang mga pamumuhunan sa aming imprastruktura

ay nangangahulugang patuloy kayong magkakaroon ng masarap at de-kalidad na tubig sa tuwing kailangan ninyo ito.

Kinilala ang Mga Water Treatment Plant ng San Francisco Public Utilities Commission dahil sa Kahusayan

Noong 2024, pinarangalan ng American Water Works Association (AWWA) ang SFPUC ng dalawang award para sa ating namumukod-tanging kalidad ng tubig. Ipinagkaloob ang mga award sa pamamagitan ng Partnership para sa Ligtas na Tubig ng AWWA, na inaatasan ang mga kalahok na utility na magkaroon ng kalidad ng tubig na lubos na mas mataas kaysa sa mga kinakailangan ng regulasyon. Kinilala ang Harry Tracy Water Treatment Plant at ang Sunol Valley Water Treatment Plant para sa pagtugon sa mahihigpit na pamantayan sa kalidad ng tubig sa loob ng nakalipas na 20 at 25 taon, ayon sa pagkakabanggit.

Strategic na Plano para sa Kalidad ng Tubig

Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay may kasaysayan ng maagap na pagtukoy sa mga potensyal na isyu sa kalidad ng tubig at pagsaalang-alang sa mga ito

sa mga desisyon sa pagpapalano ng kapital at pagpapatakbo. Nagbigay-daan sa SFPUC ang gawaing ito na makasunod sa lahat ng pang-estado at pederal na regulasyon sa inuming tubig at patuloy na makapagbigay ng de-kalidad na tubig sa mga customer. Para makagawa ng matibay na pundasyon para sa mga pamumuhunan sa kapital at pagpapatakbo na posibleng kailangan sa susunod na dekada para maprotektahan ang kalidad ng inuming tubig, regular na sinusuri ng aming Water Quality Division (WQD) ang mga potensyal na alalahanin sa totoong buhay na puwedeng makaapekto sa kalidad ng ating tubig at tumukoy ito ng mga rekomendasyong dapat isaalang-alang para sa pagpapatupad. Noong 2024, isinagawa ng WQD ang pana-panahong pag-update nito sa Strategic na Plano para sa Kalidad ng Tubig na unang ipinatupad noong 2008. Nagbibigay ang na-update na planong ito ng pangkalahatang-ideya ng strategic na proseso ng pagpapalano, mga aktibidad na kasalukuyang isinasagawa sa loob ng Water Quality Division, at nagrerekomenda ito ng mga bagong aktibidad. Makikita ang plano sa sfpuc.gov/WQ-Planning.

Mga Pangunahing Termino Kaugnay ng Kalidad ng Tubig

- **Layunin sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Goal, PHG):** Ang antas ng isang contaminant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang antas ng contaminant ay mas mababa rito. Ang California Environmental Protection Agency ang nagtatakda ng mga PHG.
- **Layunin sa Maximum na Antas ng Contaminant (Maximum Contaminant Level Goal, MCLG):** Ang antas ng contaminant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang antas ng contaminant ay mas mababa rito. Ang United States Environmental Protection Agency ang nagtatakda ng mga MCLG.
- **Maximum na Antas ng Contaminant (Maximum Contaminant Level, MCL):** Ang pinakamataas na antas ng contaminant na puwede sa inuming tubig. Itinatakda ang mga pangunahing MCL nang malapit sa mga PHG o MCLG hangga't praktikal itong magagawa at may kakayahan ang teknolohiya na gawin ito. Itinatakda ang mga Sekundaryang MCL (Secondary MCL, SMCL) para protektahan ang amoy, lasa, at itsura ng inuming tubig.
- **Layunin sa Maximum na Antas ng Residual Disinfectant (Maximum Residual Disinfectant Level Goal, MRDLG):** Ang antas ng disinfectant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang antas ng disinfectant ay mas mababa rito. Hindi ipinapakita ng mga MRDLG ang mga pakinabang ng paggamit ng mga disinfectant sa pagkontrol ng mga mikrobyong contaminant.
- **Maximum na Antas ng Residual Disinfectant (Maximum Residual Disinfectant Level, MRDL):** Ang pinakamataas na antas ng disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. Malakas ang ebidensyang kinakailangan ang paglalagay ng disinfectant para makontrol ang mga mikrobyong contaminant.
- **Paraan ng Treatment (Treatment Technique, TT):** Isang kinakailangang proseso para mapababa ang antas ng isang contaminant sa inuming tubig.
- **Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig (Primary Drinking Water Standard, PDWS):** Mga MCL, MRDL, at TT para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan kasama ang mga kinakailangan ng mga ito sa pagsubaybay at pag-uulat.
- **Antas para sa Panregulatoryong Aksyon (Regulatory Action Level):** Ang konsentrasyon ng isang contaminant na kung malalampasan ay magpapasimula ng treatment o iba pang kinakailangan na dapat sundin ng isang sistema ng tubig.
- **Turbidity:** Indicator ng pagiging malinaw ng tubig na sumusukat sa kalabuan ng tubig at ginagamit din para tingnan ang pagiging mabisa ng filtration system.



Sistema ng Tubig ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig para sa 2024

Natutugunan ng sistema ang mga pangunahin at pangalawang pamantayan sa inuming tubig noong 2024. Nakalista sa mga talahanayan sa ibaba ang mga na-detect na contaminant sa ating inuming tubig (maliban kung iba ang nakasaad) at ang impormasyon tungkol sa mga karaniwang pinagmumulan ng mga ito alinsunod sa panregulatoryong gabay. Ang San Francisco Public Utilities Commission ay may hawak na waiver sa pagsubaybay na inaprubahan ng State Water Resources Control Board para sa ilang contaminant sa mga supply ng surface water at groundwater, at sinusubaybayan ang mga ito nang wala pang isang beses sa isang taon. Bisitahin ang sfpubc.gov/WaterQuality para sa listahan ng lahat ng parameter sa kalidad ng tubig na nasubaybayan namin sa hindi pa na-treat na tubig at na-treat na tubig noong 2024.

MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL/TT	PHG O (MCLG)	NAKITANG RANGE O ANTAS	AVERAGE O [MAX]	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
TURBIDITY						
Hindi Na-filter na Tubig ng Hetch Hetchy	NTU	5	N/A	0.3 - 0.5 ⁽¹⁾	[2.1]	Agos mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP)	NTU	TT=Max 1 TT=Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU	N/A	-	[0.4]	Agos mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Harry Tracy Water Treatment Plant (HTWTP)	NTU	TT=Max 1 TT=Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU	N/A	-	[0.1]	Agos mula sa lupa
MGA BY-PRODUCT AT PRECURSOR NG DISINFECTION						
Kabuuang Dami ng Mga Trihalomethane	ppb	80	N/A	16 - 54	[49] ⁽²⁾	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Limang Haloacetic Acid	ppb	60	N/A	9 - 41	[42] ⁽²⁾	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Bromate	ppb	10	0.1	ND - 5.9	[3] ⁽³⁾	By-product ng disinfection ng inuming tubig
MGA HINDI ORGANIC						
Chromium (VI)	ppb	10	0.02	ND - 0.2	0.1	Erosion ng mga natural na deposito
Fluoride (pinagkukunang tubig) ⁽⁴⁾	ppm	2.0	1	ND - 0.8	0.3	Erosion ng mga natural na deposito; additive sa tubig bilang pampatibay ng ngipin
Nitrate (bilang N)	ppm	10	10	ND - 0.4	ND	Erosion ng mga natural na deposito
Chloramine (bilang chlorine)	ppm	MRDL = 4.0	MRDLG = 4	<0.1 - 3.5	[2.6] ⁽³⁾	Disinfectant sa inuming tubig na idinaragdag para sa treatment
MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN	UNIT	SMCL	PHG	RANGE	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
Aluminum	ppb	200 (MCL = 1000)	600	ND - 59	ND	Erosion ng mga natural na deposito; ilang residue sa treatment ng surface water
Chloride	ppm	500	N/A	<3 - 18	9.3	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Iron	ppb	300	N/A	<6 - 41	14	Pagkatas mula sa mga natural na deposito
Manganese	ppb	50	N/A	<2 - 2.7	<2	Pagkatas mula sa mga natural na deposito
Partikular na Conductance	µS/cm	1600	N/A	31 - 317	193	Mga substance na nakakabuo ng mga ion kapag nasa tubig
Sulfate	ppm	500	N/A	1 - 41	18	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Kabuuang Dami ng Mga Natunaw na Solid	ppm	1000	N/A	24 - 169	102	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Turbidity	NTU	5	N/A	0.1 - 0.4	0.2	Agos mula sa lupa
LEAD AT COPPER ⁽⁵⁾	UNIT	RAL	PHG	RANGE	IKA-90 PERCENTILE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
Copper	ppb	1300	300	ND - 152	72	Internal na corrosion sa mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay
Lead	ppb	15	0.2	<1 - 8.8	4.9	Internal na corrosion sa mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay
MGA HINDI KONTROLADONG PARAMETER SA KALIDAD NG TUBIG	UNIT	ORL	RANGE	AVERAGE	IBIG SABIHIN	
Alkalinity (bilang CaCO ₃)	ppm	N/A	7.4 - 120	60	< / ≤ = mas mababa / mas mababa o katumbas	
Bromide	ppb	N/A	<10 - 29	<10	Max = Maximum (Pinakamataas)	
Boron	ppb	1000 (NL)	23 - 65	41	Min = Minimum (Pinakamababa)	
Calcium (bilang Ca)	ppm	N/A	3.2 - 28	15	N/A = Not Available (Hindi Available)	
Chlorate ⁽⁶⁾	ppb	800 (NL)	24 - 597	144	ND = Non-Detect (Walang Na-detect)	
Giardia lamblia	cyst/L	N/A	0 - 0.06	0.01	NL = Notification Level (Antas ng Abiso)	
Hardness (bilang CaCO ₃)	ppm	N/A	8.4 - 106	60	NTU = Nephelometric Turbidity Unit	
Lithium	ppb	N/A	<2 - 4	<2	ORL = Other Regulatory Level (Iba Pang Panregulatoryong Antas)	
Magnesium	ppm	N/A	0.2 - 9.5	5.7	ppb = part per billion (bahagi kada bilyon)	
pH	-	N/A	8.7 - 9.8	9.3	ppm = part per million (bahagi kada milyon)	
Silica	ppm	N/A	4.9 - 9.9	7.5	RAL = Regulatory Action Level (Antas para sa Panregulatoryong Aksyon)	
Sodium	ppm	N/A	3.1 - 24	16	µS/cm = microSiemens/centimeter	
Kabuuang Dami ng Organic Carbon ⁽⁷⁾	ppm	N/A	1.4 - 2.8	1.9		

Mga Footnote sa Sistema ng Tubig ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig: (1) Ito ay mga buwanang average na turbidity value na sinusukat kada 4 na oras araw-araw sa Mga Tesla Treatment Facility. (2) Ito ang pinakamataas na locational running annual average value. (3) Ito ang pinakamataas na running annual average value. (4) ND ang natural na fluoride sa tubig ng Hetch Hetchy. Ang mas matataas na antas ng fluoride sa hindi pa na-treat na tubig sa SVWTP at HTWTP ay dahil sa mga paglilipat ng tubig mula sa Hetch Hetchy na may fluoride papunta sa mga lokal na imbakan. Ang mga antas ng fluoride sa ating mga na-treat na tubig ay mula 0.5 ppm hanggang 0.8 ppm na may average na 0.7 ppm. (5) Ang pinakabagong pagsubaybay sa Panuntunan para sa Lead at Copper ng mga napiling gripo ng consumer ay noong Agosto 2024. Wala sa 50 sample mula sa gripo ng consumer ang may mga konsentrasyon ng lead na lampas sa Antas ng panregulatoryong Aksyon. (6) Ang na-detect na chlorate sa na-treat na tubig ay isang produkto ng degradation ng sodium hypochlorite, na ginagamit namin sa disinfection ng tubig. (7) Ang mga range at average na value ng kabuuang data ng organic carbon ay mula sa mga espesyal na proyekto sa pag-aaral para sa sistema ng pamamahagi.

Tandaan: Ang paghahalo-halo ng iba’t ibang pinagkukunan ng tubig sa kabuuan ng taon ay nagresulta sa magkakaibang kalidad ng tubig. Puwedeng makakuha ng karagdagang data sa kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numero ng aming Water Quality Division sa 877-737-8297.

Lokal na Groundwater sa San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig para sa Taong 2024

Na-treat na Tubig (Sunset Reservoir)	MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG 0 (MCLG)	RANGE	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
	MGA HINDI ORGANIC						
	Chromium (VI)	ppb	10	0.02	ND - 0.4	0.1	Pagkatas mula sa mga natural na deposito; mga waste discharge mula sa electroplating
	Fluoride	ppm	2.0	1	0.6 - 0.8	0.7	Erosion ng mga natural na deposito; additive sa tubig bilang pampatibay ng ngipin
	MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN	UNIT	SMCL	PHG	NAKITANG RANGE 0 ANTAS	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
	Chloride	ppm	500	N/A	3.5 - 17	8.9	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
	Iron	ppb	300	N/A	28 - 31	29	Pagkatas mula sa mga natural na deposito
	Partikular na Conductance	µS/cm	1600	N/A	68 - 290	127	Mga substance na nakakabuo ng mga ion kapag nasa tubig
	Sulfate	ppm	500	N/A	3.3 - 17	7.9	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
	Kabuuang Dami ng Mga Natunaw na Solid	ppm	1000	N/A	26 - 27	27	Pag-ayos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Hindi Pa Na-treat na Tubig (Mga Lokal na Balon ng Groundwater sa San Francisco)	Turbidity	NTU	5	N/A	0.1 - 0.4	0.2	Agos mula sa lupa
	MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG 0 (MCLG)	RANGE	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN NG INUMING TUBIG
	MGA HINDI ORGANIC						
	Chromium (VI) ⁽¹⁾	ppb	10	0.02	7.5 - 24	16	Pagkatas mula sa mga natural na deposito; mga waste discharge mula sa electroplating
	Chromium (Kabuuang)	ppb	50	(100)	ND - 23	11	Erosion ng mga natural na deposito
	Nitrate (bilang nitrogen) ⁽¹⁾	ppm	10	10	5.2 - 8.2	7.1	Mga landscape fertilizer at tumagas na maruming tubig
	Perchlorate	ppb	6	1	ND - 1	ND	Kontaminasyon ng kapaligiran mula sa paggamit/pagtatapon ng mga paputok, pampasabog, at iba’t ibang industriya
	MGA HINDI KONTROLADONG PARAMETER SA KALIDAD NG TUBIG	UNIT	ORL		RANGE	AVERAGE	
	Lithium	ppb	N/A		3.8 - 4.5	4.2	
	pH	-	N/A		7.7 - 8.4	8	

Mga Footnote: (1) Na-detect ang mga contaminant na ito sa hindi pa na-treat na groundwater. Ang paghahalo ng groundwater sa mga supply ng surface water sa Sunset Reservoir ay inaprubahan ng SWRCB bilang treatment para sa mga contaminant na ito. Noong 2024, dalawa lang sa anim na lokal na balon (Lake Merced Well at West Sunset Well) ang naghatid ng groundwater sa sistema nang hindi regular.





San Francisco Water Power Sewer

Mga serbisyo ng San Francisco Public Utilities Commission

P.O. Box 7369
San Francisco, CA 94120-7369

Ang mga patakaran sa kalidad ng tubig ay pinagdedesisyunan sa mga pagdinig ng SFPUC Commission, na isinasagawa tuwing ika-2 at ika-4 na Martes ng bawat buwan nang 1:30 pm sa San Francisco City Hall, Room 400.

Kate H. Stacy, PRESIDENTE

Joshua Arce, BISE PRESIDENTE

Avni Jamdar, KOMISYONADO

Steve Leveroni, KOMISYONADO

San Francisco Public Utilities Commission

Araw-araw, naghahatid kami ng de-kalidad na inuming tubig sa 2.7 milyong tao sa mga county ng San Francisco, Alameda, Santa Clara, at San Mateo. Gumagawa kami ng malinis at maaasahang hydroelectricity na nagbibigay ng kuryente sa 100% ng mahahalagang serbisyo sa San Francisco, kabilang ang mga istasyon ng pulis at bumbero, mga ilaw sa kalye, Muni, SF General Hospital, at higit pa.

Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa ating inuming tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa SFPUC Communications sa **628-215-0940** o mag-email sa **quality@sfgwater.org** para sa tulong.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Favor de comunicarse en tel **628-215-0940** o **quality@sfgwater.org** para asistencia.

此份水質報告，內有重要資訊。請找他人為你翻譯和解說清楚。

Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Isalin ito o makipag-usap sa taong nakakaintindi nito.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Tradúzcalo o hable con alguien que lo entienda bien.

Mahalaga ang impormasyong ito. Mangyaring ipasalin ito.

این اطلاعیه شامل اطلاعات مهمی را جمع به آب آشامیدنی است. اگر نمیتوانید این اطلاعات را به زبان انگلیسی بخوانید لطفاً کسی که میتواند برای تغییرید تا مطالب را برای شما به فارسی ترجمه کند.

Cé rapport contient des information importantes concernant votre eau potable. Veuillez traduire, ou parlez avec quelqu'un qui peut le comprendre.

Этот отчет содержит важную информацию о вашей питьевой воды. Переведите его или поговорите с тем, кто это понимает.


此份水質報告，內有重要資訊。請找他人為你翻譯和解說清楚。

Chi tiết này thật quan trọng. Xin nhờ người dịch cho quý vị.

この報告書には上水道に関する重要な情報が記されております。翻訳を御依頼なされるか、内容をご理解なさっておられる方にお尋ね下さい。

यह सूचना महत्वपूर्ण है । कृपा काके किसी से :सका अनुवाद करायें ।

이 안내는 매우 중요합니다. 본인을 위해 번역인을 사용하십시오.



I-follow Kami @MySFPUC